

TITLE: Persevere Your Way To Perfection (Pagsumikapan na Maging Ganap/Perpekto)

TEXT: Galatians 6: 7-10; Phil. 3:10-14

B.I.: The way to perfection demands that we persevere to do good to all for we shall reap in due season. Ang daan sa pagiging ganap ay nangangailangan ng pagtitiyaga na gumawa ng mabuti sa lahat sapagkat ito ay magbibigay ng ani sa tamang panahon.

INTRO:

- We are imperfect people being sanctified unto perfection. However, this life of sanctification requires perseverance. Tayo ay mga taong hindi perpekto ngunit binabago upang maging ganap. Subalit ang pagbabago ay nangangailangan ng pagtitiyaga.
- **Definition of Perseverance:** To persevere means to 'hold firmly and steadily to some purpose, state, or undertaking despite obstacles or setbacks.'
- Perseverance helps us endure life's storms and terrible trials. None of us, especially believers, can get through life without this attribute
Ang pagtitiyaga ay nangangahulugang 'paghawak ng mahigpit' sa isang layunin o gawain, anuman daw ang mga hadlang. Ang pagsusumikap ang siyang tutulong sa atin na mapagtiisan ang mga hamon ng buhay. Hindi natin magagawa ang magtiis kung wala tayong pagtitiyaga.

I. A Difficult Calling: Persevere To Do Good To All [v.9a, 10] Matinding Panawagan: Ang Magtiyaga na Gumawa ng Mabuti sa Lahat.

- The challenge for us as we journey towards perfection is the call to walk right with others all the time. Honestly, it's not easy to be consistently righteous because we view righteousness as a sort of investment with other people. And expect the other person to reciprocate with the same righteous gesture. Ang hamon sa atin ay ang panawagan na gumawa ng tama para sa ibang tao sa lahat ng panahon. Hindi ito madaling gawin sapagkat ito umano ay pamumuhunan sa kanila. Paano kung hindi nila suklian ng tama din ang ginawa nating tama sa kanila?
- However, the reality is even if I take the high road and do the right thing, oftentimes it's not reciprocated. Dapat nating tanggapin ang realidad na kahit tayo ay gumawa ng mabuti sa iba, maaari na hindi nila suklian ng kabutihan ang kabutihang ginawa natin.
- Have you felt like giving up on being righteous? In your moments of frustration or hopelessness, I want you to listen to these words of Paul as if it's God's voice urging you to continue doing good and to not lose heart for in due season we shall reap. [v.9] Dumating ka na ba sa punto na ayaw mo nang gumawa ng mabuti sa iba? Gusto kong makinig ka sa sinasabi ni Pablo na umano'y Diyos ang nagsasalita at humihimok sa iyo na ipagpatuloy ang paggawa ng mabuti at huwag mawalan ng loob dahil ikaw ay aani sa tamang panahon.
- Remember that it's God who called and commanded us to be good to all. So, don't ever give up on doing what is right! Tandaan mo, ang Diyos ang nag-utos sa atin na gumawa ng mabuti sa lahat. Kaya't huwag kang hihinto.
- **How do you do that?** By the power of the Holy Spirit. The Holy Spirit will empower you with the strength to be committed to righteousness even when righteousness is not easy. Paano ba natin gagawin ito? Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Siya ang tutulong sa iyo dahil ang kabutihan ay hindi madaling gawin.

II. A Dependable Commitment: Persevere Until The Due Season [v.9b] Maaasahang Pangako: Magtiyaga Hanggang sa Pagdating ng Tamang Panahon

- That word 'due' in the original Greek is the word 'idios.'
- 'Idios' is used in the New Testament 113 times, 61 of those times it's translated in a different way. 61 times it's translated as 'own.' So read v. 9 again, "...for in our own season we shall reap if

we do not lose heart.” Ang salitang ‘idios’ ay ginamit ng 113 beses sa Bagong Tipan. Yung 61 na beses, ang salin nito ay ang salitang ‘own’ o sa akin - sa’ aking’ panahon.

- Paul argues that the reason to keep doing right is because you know God will never let you do right and not reward you. God ordained a harvest season for you and it’s on its way! **Sabi ni Pablo, ang dahilan ng paggawa ng mabuti ay ang kaalaman na nagbibigay ang Diyos ng gantimpala sa mga gumagawa ng tama.**
- **Some of you know that you have your own season but what you’re trying to know is when it’ll be coming.** In V. 9 the words ‘weary’ and ‘lose heart’ come from the same root. They’re almost the same word. **Ang iba sa atin ay naniniwala na may kanya kanyang panahon ang bawat isa. Ang tanong: kailan kaya ang panahon na iyon? Ang salitang ‘pagod’ o ‘nawawalan ng loob’ ay nagmula sa ganoon ding ugat na salita.**
- So, here is a better way to read it, **“Let not us not grow weary while doing good, for in due season we shall reap when we get weary.”** So, how do you know when you’re about to be in due season? **Because you’re getting tired of doing right.** Maaari nating basahin iyon ng ganito: ‘Huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti sapagkat sa tamang panahon, aani tayo kapag tayo ay napagod na.’ Paano mo daw malalaman na papalapit na ang tamang panahon? Kapag napapagod ka na sa paggawa ng mabuti.
- How do you know you’re almost at the breakthrough? Because you’re at the brink of a possible breakdown. You have to push yourself to the place where you feel like you just can’t do it anymore; and when you’re at that place, the Lord says push one more time because the breakthrough is waiting for you on the other side. **Kapag malapit ka nang bumigay, malapit na rin ang tagumpay! Kaya’t kailangan mo pang itulak ang sarili mo sa mga panahon na parang hindi mo na kaya, sapagkat malapit na ang tagumpay na naghihintay sa iyo!**

III. A Divine Consequence: Persevere For You Will Reap Eternal Rewards [vv.7-8] Banal na Kahihinatnan: Magtiyaga pa Sapagkat may Aanihin ka na Panghabang buhay na Gantimpala.

- “We shall reap.”[v.9b] There is no way for you to do right by God and not reap. **Kapag ikaw ay gumawa ng mabuti, sigurado ang ani.**
- The problem lies on that passage in v.8 which is often misinterpreted. “...for whatever a man sows, that he will also reap.” **Ang problema ay nasa v.8.**
- Here Paul says that it’s not about what you reap. Paul says because when you sow to the flesh, you reap corruption. If you sow to the spirit, you reap eternal life. **The sowing is not about reaping what you sow; it’s not about what, it’s about where.** Paul wants the church to know, sow into the Spirit and not into the flesh. Let your works of righteousness be an investment in your spiritual life and not the fleshly life. **Ang paliwanag ni Pablo, ang isyu ay wala sa ating itinatanim. Sabit kasi niya, kapag tayo ay nagtanim sa ating laman, aani tayo ng korapsyon o kabulukan. Ngunit kapat tayo ay nagtanim sa Espiritu, tayo ay aani ng buhay na walang hanggan. Kung kaya’t ang isyu ay hindi kung ‘ano’ ang itinatanim kundi kung ‘saan’ ka nagtanim. Gusto ni Pablo na tayo ay magtanim sa Espiritu at hindi sa ating laman. Ang ating mga gawang mabuti ay pamumuhunan sa ating buhay espirituwal at hindi sa ating buhay sa laman.**
- So, I don’t do good to sow to flesh, I do it while sowing to the Spirit which means my motivation for being righteous is because I have a relationship with God. When I do right to be right with God , I reap godly things. **Kung kaya’t hindi tayo gagawa ng mabuti para magtanim sa laman. Ibig sabihin, ang dahilan sa paggawa ng mabuti ay ang ating pagkakaroon ng relasyon sa Panginoon. Kapag ako ay gumawa ng mabuti upang maging matuwid sa mata ng Diyos, ako ay aani ng makalangit na mga bagay.**
- **What do we reap from the Spirit?** In chapter 5, when Paul talks about the Spirit, he lists the fruit of the Spirit. These are the things God gives you that you can never get from someone else. Peace

is not a gift anyone can give you. It is something that only comes from the Spirit of God. *Ano nga ba ang aanihin natin mula sa Espiritu? Sa capitolo 5, binanggit ni Pablo ang bunga ng Banal na Espiritu. Ang bunga na ito ay galing sa Diyos at hindi kayang ibigay nino man.*

- *God is going to push it to the brink, but the breakthrough is right next to the brink. And he said make certain you know you will reap not from them but from God and God will give you what they never can. Itutulak tayo ng Diyos hanggang sa hangganan ng kakayanan natin sapagkat sa kabila ng hangganan na iyon, naroon na at naghihintay ang ating tagumpay! At alamin daw natin na ito ay nagmula sa Kanya at hindi sa iba.*

CHALLENGE: The way to perfection demands that we persevere to do good to all for we shall reap in due season. *Upang tayo ay maging ganap, kailangan ang pagtitiyaga na gumawa ng mabuti sa lahat sapagkat sa tamang panahon, tayo ay aani.*

Why do you find it difficult to do good to all? Is there a time when you fell like quitting or retaliating? Share. *Bakit ka ba nahihirapan na gumawa ng mabuti sa iba? May panahon ba na nais mo nang huminto o hindi sumunod? Ibahagi.*

What is your motivation to persevere and commit according to the verse 9b? *Ano ang nagtutulak sa iyo para magtiyaga at mangako base sa v.9b?*

Do you agree that 'due or own' season is near when you are at your weariest? Share an experience why this is true. *Sang-ayon ka ba na ang 'iyong panahon' ay malapit na malapit na kung kailan ikaw ay pagod na pagod na?*

When you sow good deeds as a spiritual investment, do you believe it will benefit you greatly? Share. *Kapag ikaw ay nagtatanim ng mabuting gawa bilang espirtual na phunan mo, naniniwala ka ba na may malaking pakinabang ka dito? Ibahagi.*

CHALLENGE: Are you willing to persevere to do good to all esp. to the household of faith? Share with your L-Path leader and group members what kind of commitment they can expect from you moving forward.

[Persevere to finish the discipleship journey; commit to attend Sunday services and weekly group gatherings; commit to actively participate in developing camaraderie and unity within the group.

Hamon: Handa ka bang magtiyaga na gumawa ng mabuti sa iba, lalung lalo na sa mga kapwa Kristiyano mo? Ibahagi sa L-path leader at mga kasamahan sa L-path kung anong pangako ang pwede nilang asahan mula sa iyo. (Magtiyaga na tapusin ang discipleship journey; mangako na mag-attend ng Sunday services at linguhang group gatherings, mangako na tutulong palakasin ang pagkakaibigan at pag-kakaisa sa grupo ninyo).

Prayer & Ministry